



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 16-019**

**KAUTUSAN NA NAGKAKALOOB NG BUWANANG ALLOWANCE PARA SA MGA TINAGURIANG "CLASS A ATHLETES" NG ATING LUNGSOD NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG LIBONG PISO (PHP1,000.00) BAWAT ISA NA KUKUNIN SA GENERAL FUND NA NAKALAAN SA YOUTH AFFAIRS AND SPORTS DEVELOPMENT OFFICE (YASDO).**

- Ipinukala ng:
- Kgg. Kon. Christine May A. Abas**
  - Kgg. Kon. Mttl. Patricio L. Boncayao, Jr.**
  - Kgg. Kon. Bal Niefes**
  - Kgg. Kon. Stephanie G. Teves**
  - Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon**
  - Kgg. Kon. Ringo A. Teves**
  - Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga**
  - Kgg. Kon. Alexander B. Diaz**
  - Kgg. Kon. Ivey Rhia Arciaga-Tadefa**
  - Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo**
  - Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla**
  - Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes**
  - Kgg. Kon. Lucio B. Constantino**
  - Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla**
  - Kgg. Kon. Victor L. Ulanday**
  - Kgg. Kon. Grace B. Gonzaga**

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon ng mga **"Class A Athletes"** na siyang kumakatawan sa iba't-ibang Pandaigdigang Kumpetisyon (International Competition), Pambansang Kumpetisyon (National Competition), Panlalawigang Kumpetisyon (Regional Competition), at Paanyayang Kumpetisyon (Invitational Competition) ay malaking karangalan di lamang sa bansa kundi maging sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT**, ang anumang suporta at insentibong matatanggap mula sa Pamahalaang Lokal ay makakatulong ng lubos sa pangtutos sa mga gastusin bilang manlalaro, sa panahon ng kanyang pagsasanay at maging sa araw ng kompetisyon;

**SAPAGKAT**, layunin ng tanggapan ng **Youth and Sports Development Office (YASDO)** ang makapaghubog ng mga magagaling na kabataang manlalaro tulad ng mga **"Class A Athletes"** na patuloy na magbibigay ng karangalan at maituturing na "yamang tao" n gating Lungsod;

**SAPAGKAT**, upang maitaas ang antas ng kalidad ng galing ng mga manlalaro na tinaguriang **"Class A Athletes"** at magpursige na magbigay ng karangalan sa ating Lungsod marapat na sila ay mapagkalooban ng buwanang allowance;

**NGAYON, DAHIL DITO, ISINASABATAS, AT MULING ISINASABATAS**, ng 8<sup>th</sup> Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa, sa ginanap na Regular na Pagpupulong ang mga sumusunod:



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

**Pahina 2**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 16-019**

**SEKSIYON 1. Titulo** – Ang Kautusang ito ay kikilanin na “Kautusan na nagkakaloob ng buwanang allowance para sa mga tinaguriang “Class A Athletes” ng ating lungsod na nagkakahalaga ng Isang Libong Piso (Php1,000.00) bawat isa na kukunin sa General Fund na nakalaan sa Youth Affairs And Sports Development Office (YASDO).”

**SEKSIYON 2. Kahulugan ng mga salita** – Ang mga sumusunod na salita ay nangangahulugan ayon sa isinasaad ng kautusang ito:

- a) **Class A Athlete** – mga piling manlalaro na nagpakita ng kahusayan sa kanilang isports at kumakatawan sa ating Lungsod sa iba't-ibang palaro ayon sa batayan na nakasaad sa Seksiyon 3 ng Kautusang ito.
- b) **Pandaigdigang Paligsahan (International Competition)** – paligsahan na isinasagaawa sa labas ng bansa tulad ng Olympic Games, SEA Games, ASEAN Games, World Championships, at iba pang Invitational International Competition na pinagtibay ng Pamahalaang Lokal ng lahukan ng mga manlalaro. Ito ay karaniwang ginaganap tuwing isa hanggang apat na taon na pagitan.
- c) **Pambansang Paligsahan (National Competition)** – paligsahan na isinagawa sa loob ng bansa na katunggali mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas tulad ng Philippine National Games (PNG) National Finals, Philippine Youth Games/Batang Pinoy National Finals, Palarong Pambansa na lalahukan ng mga manlalaro. Ito ay taunang ginaganap na palaro.
- d) **Panlalawigang Paligsahan (Regional Competition)** – paligsahan na isinasagawa sa loob ng bansa na lalahukan ng labingtatlong (13) rehiyon tulad ng Regional Competition, Philippine Youth Games Qualifiers (Batang Pinoy Luzon, Leg), Philippine National Games Qualifiers (Luzon Leg), Inter cities and municipalities. Ito ay taunang ginaganap na palaro ayon sa mapipiling lugar ng tagapag palaro (organizer).
- e) **Pang-anyayahang Paligsahan (Invitational Competitions)** – paligsahan na isinasagawa sa mga lugar na nasa National Capital Region (NCR) o kalapit na Lungsod o probinsya, kung saan ito ay may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pag-sang-ayon na ito ay lahukan.

**SEKSIYON 3. Pamantayan ng pagpili ng mga manlalaro/atleta para mapabilang sa “Class A Athletes” ng Lungsod ng Muntinlupa.**

3.1. Ang mga manlalaro na “Class A Athletes” na naninirahan sa Lungsod na hindi bababa sa isang (1) taon sa panahon ng kanyang pagsasanay at paglahok sa paligsahan.



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
KALAKHANG MAYNILA



**Sangguniang Panlungsod**

**Pahina 3**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 16-019**

3.2. Ang mga manlalaro/atleta ay kumakatawan sa Lungsod ng Muntinlupa na nagbibigay ng mataas na karangalan at medalya (ginto, pilak at tanso) sa mga pandaigdigang (international), Pambansa (National), Panlalawigan at Paanyayahang (Invitational) Paligsahan na pinagtibay ng Philippine Sports Commission (PSC), National Sports Association (NSA), DILG-LGU, Department of Education at International Sports Federation.

3.3. Ang mga manlalaro/atleta ay nirekomenda ng Tagapagsanay (Coaches) dahil sa ipinakitang galing, dedikasyon at disiplina sa pagsasanay, magandang pag-uugali sa kapwa manlalaro, at bilang ng karangalan na nakamit sa iba't-ibang paligsahan na nilahukan.

3.4. Ang mga "Class A Athletes" ay magmumula sa manlalaro ng isports na Arnis, Athletics, Judo, Taekwando, Gymnastics, Pencak Silat, Baseball, Badminton, Basketball, Football, Table Tennis at iba pang isports na kasama sa "Sports Training Program" ng Youth Affairs And Sports Development Office (YASDO).

3.5. Ang mga manlalaro/atleta na napabilang sa Class A Athletes" ay mahigpit na babantayan ang "attendance" sa araw ng kanilang pagsasanay na dapat na daluhan, maliban lamang kung may sakit o "emergency" na hindi maipagpaliban.

3.6. Ang mga mapipiling "Class A Athletes" ay maaaring maalis sa talaan sa panahon na hindi na magampanan ang pamantayan na nabanggit.

**SEKSIYON 4. Halaga ng Buwanang Allowance na ipagkakaloob** - Ang mga tinaguriang "Class A Athletes" ang tatanggap ng halagang **Isang Libong Piso (Php1,000.00)** kada buwan sa oras na mapagtibay ang kautusang ito.

**SEKSIYON 5. Paraan ng Pagkakaloob** – Sa pamamagitan ng Youth Affairs And Sports Development Office (YASDO) ang talaan ng mga "Class A Athletes" ay gagawan ng Payroll at Voucher para ipo-proseso, at bibigyan ng abiso ang mga manlalaro ng pagkuha sa Tanggapan ng Ingat-Yaman.

**SEKSIYON 6. Hanggang kalian tatanggap ng buwanang allowance.**

6.1. Ang mga "Class A Athletes" ay tatanggap lamang ng buwanang allowance hanggang sa panahon na sila ay regular at aktibong nagsasanay at bahagi ng Sports Training Program na isinasagawa ng Youth Affairs And Sports Development Office (YASDO).

6.2. Sila ay nananatiling naninirahan sa ating Lungsod at opisyal na kumakatawan sa lungsod sa panahon ng kompetisyon at patuloy na nagbibigay ng karangalan.



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
 KALAKHANG MAYNILA



**Sangguniang Panlungsod**

**Pahina 4**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 16-019**

**SEKSIYON 7. Pagmumulan ng Pondo** – Ang pondo ay kukunin taun-taon sa nakalaang aproprasyon ng General Fund na nakalaan sa Tanggapan ng Youth Affairs And Sports Development Office (YASDO).

**SEKSIYON 8. Bisa** – Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos na ito ay mapagtibay.

**PINAGTIBAY**, ng 8<sup>th</sup> Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa, ngayong ika-24 ng Oktubre, 2016, sa kanilang ika-15 Regular na Pagpupulong.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. BAL NIEFES**  
 Miyembro

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**  
 Miyembro

**KON. RINGO A. TEVES**  
 Miyembro

**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**  
 Miyembro

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**  
 Miyembro

**KON. WEE RHIA ARCIAGA TADEFA**  
 Miyembro

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**  
 Miyembro

**KON. CHRISTINE MAY A. ABAS**  
 Miyembro

**KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA**  
 Miyembro

**KON. MARK LESTER M. BAES**  
 Miyembro

**KON. LUCTO B. CONSTANTINO**  
 Miyembro

*Wanda L. Wanda*



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
 KALAKHANG MAYNILA



Sangguniang Panlungsod

**Pahina 5**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 16-019**

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**  
 Miyembro

**KON. VICTOR L. ULANDAY**  
 Miyembro

**KON. GRACE B. GONZAGA**  
 Miyembro

**LIBAN:**

**CELSO C. DIOKO**  
 Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**KON. STEPHANIE G. TEVES**  
 Miyembro

**KON. WALTER A. ARCILLA**  
 Kinatawan ng Sektor  
 Pangulo  
 Asosasyon ng mga Punongbarangay

**PINATOTOTOHANAN KO**, ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**  
 Kalihim

**PINATUTUNAYAN:**

**KON. MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**  
 Miyembro/Tumatayong Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**  
 Punonglungsod

Petsa: **OCT 26 2016**

**Norie/8<sup>th</sup> SP**